# Pagiging Saksi sa Mga Bagay na Ito

A Lord's Flock Teaching
Sis. Techie Rodriguez
Hulyo 08, 2023

Kagaya ng mga alagad, tayo rin ay mga saksi. Sa buhay natin sa araw-araw, nasasaksihan natin ang pagsilang ng isang sanggol, pagtatapos sa kolehiyo, anibersaryo ng kasal o anumang okasyon na nagpapabago sa ating buhay. Alam natin na totoo ang mga ito dahil nakita natin. Ang pinaka mahalaga, nasaksihan natin ang 500 na taon ng Kristiyanismo sa Pilipinas. Bilang tagasunod ni Hesus, dapat tayo ay nagpapatotoo sa mga aral ni Hesukristo at kung paano Niya binago ang ating buhay. Tinanggap natin ang Banal na Espiritu sa ating puso upang ang ating bunga ay walang hanggan at maging buhay tayong saksi.

1. **Ano ang saksi?**
   1.1. Ang saksi ay ang taong nakakita sa pangyayari at handa siyang maging testigo at manindigan sa katotohanan sa publiko.
   1.2. Narinig ng mga alagad ni Hesus ang Kanyang salita at nakita nila ang mga himala ng pagpapagaling at pagpapalayas ng masasamang Espiritu. Nabago sila ng presensya ng Diyos, at naging saksi rin sila noong umakyat na Siya sa langit.
   1.3. Nabagabag sila noong Siya ay pinahirapan at patayin. Ngunit nangako ang Diyos sa kanila, "Makatatanggap kayo ng kapangyarihan at magiging saksi ko kayo (Lucas 24:45-49; Mt.28:19-20; Mga Gawa 1:8).
   1.4. Ang tunay na mga saksi ng Diyos ay hindi tumitigil sa pagbabahagi tungkol sa Kanya.
   1.5. Tayo rin ay mga tagasunod ni Hesus. Narinig na natin ang Kanyang pangaral. Lahat tayo ay saksi sa pagbaba ng Espiritu Santo.

**2. Tutuparin ni Hesukristo ang anumang pangako Niya.**

2.1. Ipinangako Niya ang Banal na Espiritu. Kung wala Siya, hindi tayo mababago. Ang Banal na Espiritu ang pumapatnubay sa atin upang magkaroon ng masaganang buhay (Gal.5:22-23) - buhay na may pag-ibig, kagalakan, katiyagan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili.

2.2. Dapat magpatotoo tayo kay Hesus, at ipakikita natin ito sa pang-araw araw nating buhay (1 Jn 1:1-4). Makatatanggap tayo ng kapangyarihan."Kayo ay magiging saksi ko sa Herusalem"(Mga Gawa 1:8).

**3. Ang Pagtawag sa Personal na Pagpapatotoo.**
Ang pinakamimithi ng Diyos sa atin ay maging saksi Niya tayo. Paano maliligtas ang ibang tao kung tahimik lang tayo? Ang bawat taong patuloy na nagkakasala ay patay sa paningin ng Diyos.

3.1. Ang magpatotoo ay isang pinakamataas na gawain at misyon.

3.2. Ito ang pinakamahalagang pagkakataon.

3.3. Ito ay pinakamatinding responsibilidad - ang magpahayag ng ating pananampalataya sa mga taong makaririnig sa atin (Roma 1:14-16).

3.4. Ang personal na pagpapatotoo ay isang banal na gawain upang maging inspirasyon sa iba.

3.5. Kung ang bawat isa sa atin ay makahikayat ng isang taong manunumbalik sa Diyos, dadami tayo (Isa.60:22).

3.6. Ipinangako Niya na lahat ng mananampalataya ay makararanas ng Pentekostes (Mga Gawa 2:17-18).

**4.Paano tayo maging tunay na saksi?**

4.1. Tayo ay saksi sa kaluwalhatian ng Diyos. Laging nagbibigay ng gantimpala ang Diyos.

4.2. Si San Pedro ay masigasig na saksi ng Diyos dahil nakita niya ang kaluwalhatian ng Diyos (Mt.17).

4.3. Maraming beses natin naririnig ang Salita ng Diyos. Bakit nahihiya pa tayong magbahagi?

**Konklusyon**:
Makapagpapatotoo tayo nang mabuti kung naibabahagi natin ang ating buhay at ang Salita ng Diyos. Lahat ay posible dahil sa presensya ng Diyos.

**Pagninilay:**
1. Takot ka pa bang maging saksi para sa Diyos? Ano pa ang hinihintay mo?
2. Ibinabahagi mo ba ang mga nangyayari sa iyo? Sinong makakikilala sa Diyos kung hindi ka magpatotoo sa Kanya at nagbabahagi ang Salita ng Diyos at ang Kanyang mga pagpapala?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digestss
Tags:#Magpatotoo#Banal na Espiritu